Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

RENEWED SERVANT-LEADERS FOR THE NEW EVANGELIZATION
YEAR OF THE CLERGY & CONSECRATED PERSONS 2018

PATNUBAY SA MISA

25 Nobyembre 2018 | Dakilang Kapistahan ng Pagkahari ni Hesukristo | Taon B

HULING LINGGO NG TAONG LITURHIKO "B"

KATAPUSAN NG "TAON NG KAPARIAN AT MGA TAONG NAG-KONSAGRA NG BUHAY SA DIYOS"

Ang Puno't Dulo ng Ating Buhay

Dumating na tayo sa huling Linggo sa Taon ng Simbahan. Itinatalaga ito kay Kristong Hari ng Sanlibutan. Ating ipinagdiriwang ang ating pananampalatayang ang sanlibutan ay ibinigay ng Ama kay Kristo upang kanyang pagharian. Ating ipinagdiriwang ang ating pag-asang makasasama tayo ni Kristo sa kanyang paghahari.

Ipinagdiriwang din natin ang ating pag-ibig para kay Kristong nagpapatunay ng ating pagkilala sa kaniya bilang ating Hari.

Pagpugayan natin si Kristong Hari natin sa masayang pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang Korderong inialay ay marapat paghandugan ng kadakilaa't dangal, pagkilala't pagpupugay, siya'y Haring walang hanggan.

Pagbati

***P* –**Ang pagpapala ng ating Panginoon Hesukristo, na siyang Hari ng Sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos Amang, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

***B* –At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

***P* –**Sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng mga Banal na Misteryo, alalahanin natin ang ating mga kasalanan at hilingin sa Panginoon ang kapatawaran at lakas. *(Manahimik saglit.)*

***P* –**Para sa aming kawalan ng pananampalataya sa iyong paghahari sa sanlibutan sa wakas ng panahon, Panginoon, kaawaan mo kami.

***B* –Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –**Para sa aming kakulangan ng pag-asa sa tulong na iyong laging ibinibigay upang kami ay maging handa para sa iyong pagbabalik, Kristo, kaawaan mo kami.

***B* –Kristo, kaawaan mo kami!**

***P* –**Para sa aming kakulangan ng pagmamahal sa iyong naging dahilan ng aming kawalan ng pag-ibig sa aming kapwa-tao, Panginoon, kaawaan, mo kami.

***B* –Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –**Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B* – Amen!**

Papuri

***B* –**Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

***P* –**Ama naming makapangyarihan, sa iyong Anak na pinakamamahal at Hari ng sanlibutan, niloob mong pag-isahin ang tanan. Idulot mong ang tanang kinapal na pinalaya sa kaalipinan ay makapaglingkod sa iyong kadakilaan at makapagpuri sa iyo nang walang humpay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* –Amen!**

KRISTONG HARI.indd 1 8/30/2018 3:22:48 PM

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Dan 7:13-14***

Ang madalas itawag ni Hesus sa kanyang sarili ay Anak ng Tao. Ito ay hango sa sipi galing sa Aklat ni Daniel – ang Taong nakasakay sa ulap. Ito ay nagpapahayag ng kamahalan, karangalan, at kahariang kanyang taglay. Ang Panginoong Hesus bilang Anak ng Tao ang Hari ng Sanlibutan.

L –Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Daniel

Samantalang ako'y namamahinga sa gabi, patuloy ang aking pangitain. Ang nakita ko naman ay isang tila taong nakasakay sa ulap. Bumaba ito at lumapit sa nabubuhay magpakailanman. Binigyan siya ng kapamahalaan, ng karangalan at ng kaharian. Siya ay paglilingkuran ng lahat ng tao, bansa at wika. Ang pamamahala niya ay di matatapos at hindi babawiin, at hindi mawawasak ang kanyang kaharian.

Ang Salita ng Diyos!

***B* –Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 92***

B –Panginoo'y naghari na! Ang damit n'ya'y maharlika!

R. M. Velez



*** Panginoo'y naghahari, na ang suot sa katawan ay damit na maharlika at batbat ng kalakasan.** ***B.***

*** Ang sandigan ng daigdig, matatag ang pinatungan, kahit ano ang gawin pa'y hindi ito magagalaw. Ang trono mo ay matatag simula pa noong una. Bago pa ang ano pa man, likas ikaw'y naroon na.** ***B.***

*** Walang hanggan, Panginoon, ang lahat ng tuntunin mo, sadyang banal at matatag ang sambahang iyong templo.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***Pah 1:5-8***

Ang huling aklat ng Banal na Kasulatan ay nagsasaad ng kapurihan at kapangyarihan ni Kristo magpakailanman. Siya ang puno't dulo ng lahat bilang Alpha at Omega. Iniugnay ng may-akda si Hesus sa Taong nakasakay sa ulap sa Aklat ni Daniel. Siya nga ang Hari magpakailanman.

L– Pagpapahayag mula sa Aklat ng Pahayag

Si Hesukristo ang tapat na saksi, ang unang nabuhay sa mga patay, at Hari ng mga hari sa lupa. Iniibig niya tayo at sa kanyang pagkamatay ay pinalaya niya tayo mula sa ating mga kasalanan. Ginawa niya tayong isang liping maharlika upang maglingkod sa Diyos at kanyang Ama bilang mga saserdote. Kay Hesukristo ang kapurihan at kapangyarihan magpakailanman! Amen. Pakatandaan ninyo! Darating siyang nasa mga alapaap, makikita ng lahat, pati ng umulos sa kanyang tagiliran; dahil sa kanya, iiyak ang lahat ng lipi sa lupa. Magkakagayon nga. Amen.

"Ako ang Alpha at ang Omega," wika ng Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat, Diyos sa kasalukuyan, sa nakaraan, at siyang darating.

Ang Salita ng Diyos!

***B* –Salamat sa Diyos!**

Aleluya

***B* –Aleluya! Aleluya!**
Pagpalain dumarating sa ngalan ng Poon natin, paghahari'y kanyang angkin.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita ***Jn 18:33-37***

Isinasalaysay ng ating sipi ng Ebanghelyo ang pag-uusap ni Pilato at ng Panginoong Hesus. Malinaw ang pag-amin ni Hesus na siya ay Hari, ngunit hindi ng sanlibutang ito. Isa itong tunay subalit mahiwagang paghahari. Ito ay higit sa anumang paghahari sa lupang ibabaw.

***P* –**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

***B* –Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, itinanong ni Pilato kay Hesus, "Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?" Sumagot si Hesus, "Iyan ba'y galing sa inyong sariling isipan, o may nagsabi sa inyo?" "Ako ba'y Judio?" tanong ni Pilato. "Ang mga kababayan mo at ang mga punong saserdote ang nagdala sa iyo rito. Ano ba ang ginawa mo?"

Sumagot si Hesus, "Ang kaharian ko'y hindi sa sanlibutang ito. Kung sa sanlibutang ito ang aking kaharian, ipinakipaglaban sana ako ng aking mga tauhan at hindi naipagkanulo sa mga Judio. Ngunit hindi sa sanlibutang ito ang aking kaharian!" "Kung gayon, isa kang hari?" sabi ni Pilato. Sumagot si Hesus, "Kayo na ang nagsasabing ako'y hari. Ito ang dahilan kung bakit ako ipinanganak at naparito sa sanlibutan: upang magsalita tungkol sa katotohanan. Nakikinig sa aking tinig ang sinumang nasa katotohanan."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

***P* –**Hangad nating mapagharian tayo ni Hesus na hinirang ng Ama bilang Haring Sanlibutan. Puno ng pananalig sa Amang Makapangyarihan, ating sambitin:

***B* –Makapangyarihan at maluwalhating Diyos, dinggin mo ang aming panalangin!**

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang mapagsikapan nila nang buong sigasig na

KRISTONG HARI.indd 2 8/30/2018 3:22:53 PM

mapaghari si Hesus sa lahat ng dako at sa lahat ng panahon, manalangin tayo sa Panginoon.

B.

* Para sa lahat ng mga pari at mga namanata sa Diyos, upang sa pagtatapos nitong tao ng kaparian at buhay relihiyoso, ay maging tunay ang kanilang pagsisikap na mapaghari si Hesus sa kanilang mga sarili at sa lahat ng taong nakakasalamuha nila sa buhay, manalangin tayo sa Panginoon.

B.

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang mabatid nilang ang kanilang pagsisikap na maayos at mapaunlad ang daigdig na ito ay isang paghahanda para sa paghahari ni Hesus sa sanlibutan sa wakas ng panahon, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa mga taong nag-aalinlangan sa paghahari ni Kristo, upang kanilang matantong siya ang itinalaga ng Ama para mapagisa ang lahat ng nilalang sa Kaharian ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa huling Linggong ito ng Taon ng Simbahan, upang hayaan nating maghari si Hesus sa ating buhay, sa ating mag-anak, sa ating pinaghahanap-buhayan, at sa lipunang ating ginagalawan, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. *(Tumigil saglit.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P –Ama naming maluwalhati at makapangyarihan, ginawa mo si Kristo bilang Hari ng Sanlibutan. Isugo mo sa amin ang iyong Banal na Espiritu upang kami ay sumampalatayang matibay at makasama sa paghahari magpakailanman ng iyong Anak, na si Hesukristong aming Panginoon.

***B* –Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P – Manalangin kayo . . .

***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, sa paghahain namin ng mga alay sa ikapagkakasundo ng sangkatauhan, iniluluhog naming ang iyong Anak nawa'y magbigay ng mga kaloob na pagkakaisa at kapayapaan sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

Prepasyo

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Hinirang mong tagapaghain ng tanan ang iyong Anak na Panginoon ng sanlibutan. Pinadaloy mo sa kanya ang langis ng kasiyahan tanda ng paghirang mong pangmagpakailanman. Sa paghahaing ginampanan niya sa krus, siya ang dalisay na tagapagbuklod, siya ang gumanap sa aming pagkatubos, siya ang sumakop sa sansinukob. Ang kanyang paghaharing lagi sa lahat ay siyang lubusang naglalahad ng iyong kadakilaang matapat upang buhay mo'y sa lahat maigawad. Sa paghahari niya, lahat ay hinahatian sa iyong kagandahang-loob at kabanalan, sa iyong dangal at kapayapaaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B* – Santo, santo, santo . . .**

Pagbubunyi

***B* – Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

***B* – Ama namin . . .**

P – Hinihiling namin . . .

***B* – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B* – Kordero ng Diyos . . .**

Paanyaya sa Pakikinabang

P – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B* – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Maghahari kailanman ang Panginoon sa tanan. Pagpapala'y ibibigay ng Poon sa kanyang bayan upang tana'y matiwasay.

Paghahandog ng Sangkatauhan kay Kristong Hari

Katamis-tamisang Puso ni Hesus, Mananakop ng sangkatauhan, masdan mo kaming nagpapatirapa nang buong kapakumbabaan, sa harap ng iyong dambana; kami ay iyo at kailan ma'y ibig naming maging iyo. At upang mabuhay kami sa lalong mahigpit na pagkakasanib sa iyo, kaming lahat at bawat isa sa amin ay naghahandog ng aming sarili ngayon sa Kamahal-mahalan mong Puso.

Marami, sa kasawiang palad, ang hindi nakakakilala sa iyo; marami, sa pagpapawalang halaga sa iyong mga utos, ang nagtatakwil sa iyong mga utos, ang nagtatakwil sa iyo. O Hesus, kaawaan mo sa iyong kamahal-mahalang Puso.

O Panginoon, maghari ka, hindi lamang sa mga tapat na anak na kailan ma'y hindi humihiwalay sa iyo, kundi rin sa mga alibughang lumayo sa iyo. Sila'y pabalikin mong madali sa tahanan ng Ama upang hindi mamatay sa gutom at karalitaan. Maghari ka sa mga taong humiwalay sa iyo dahil sa hibo ng kamalian o diwa ng paghihidwaan. Ibalik mo sila sa daungan ng katotohanan at sa pagkakaisa ng pananampalataya, upang sa madaling panahon ay mapisan sila sa iisang pananalig at sa pamamahala ng iisang pastor.

Maghari ka sa mga nananatili pa hanggang ngayon sa kadiliman ng pagsamba sa hindi tunay na Diyos. Marapatin mong akitin silang lahat sa iyong liwanag at kaharian. Sa wakas, pagkalooban mo, O Panginoon, ng katatagan at matibay na kalayaan ng iyong Iglesya, igawad ang katahimikan at kaayusan sa lahat ng mga bansa, at bayaang ang magkabilang panig ng daigdig ay umalingawngaw sa iisang tinig: Purihin ang Kamahal-mahalang Puso ni Hesus na bukal ng aming kaligtasan, at sa kanya'y ang awit ng karangalan at kaluwalhatian sa lahat ng panahon! Siya nawa.

KRISTONG HARI.indd 3 8/30/2018 3:22:53 PM

Panalangin Pagkapakinabang

P **–**Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa pagkaing nagbibigay-buhay ay nagsusumamong kaisa niyang makapamuhay sa kaharian sa langit magpakailanman pakundangan sa karangalang sundin ang mga kautusan ng Haring si Kristo sa sanlibutan sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **–Amen!**

PAGWAWAKAS

P **–**Sumainyo ang Panginoon.

B **–At sumaiyo rin!**

P **–**Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*
Iligtas nawa kayo ni Kristong Hari sa lahat ng panganib at ipaalaala sa inyong lagi ang kanyang mapagligtas na pagmamahal.

B **–Amen!**

P **–**Tibayan niya nawa ang inyong pananalig upang kayo'y maging matapang na tagapagbalita ng kanyang Kaharian.

B **–Amen!**

P **–**Akayin niya nawa kayo sa kanya, at turuan kayong manunton sa pagkakawanggawa at kapayapaan.

B **–Amen!**

P **–**At pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B **–Amen!**

P **–**Humayo kayo sa kapayapaan at itatag ang Kaharian ng Diyos saanman kayo naroroon.

B **–Salamat sa Diyos!**

makinig. kapanalig.
Veritas846
RADYO TOTOO
The Catholic Radio
veritas846kapanalig www.veritas846.ph @kapanalig

MAGHARI NAWA SI KRISTO

Ang Dakilang Kapistahan ni Kristong Hari ng Sanlibutan ay itinatag ni Papa Pio XI noong ika-25 ng Disyembre 1925 sa pamamagitan ng kanyang liham *Quas primas*. Ang hangad ng Santo Papa ay malabanan ang mga lakas na nakasisira sa daigdig. Nais niyang mamayani ang tunay na kalayaan, kaayusan, at kapayapaan sa daigdig sa pamamagitan ng pagdiriwang na ito. Nasa isip ni Papa Pio XI na ang mga dokumento ng Simbahan ay binabasa ng kakaunting tao lamang. Subalit sa isang pagdiriwang ay napupukaw ang puso ng mga tao. Itinalaga niya ang Huling Linggo ng Oktubre para rito upang maiugnay ang kapistahan ni Kristong Hari sa kasunod na Dakilang Kapistahan ng Lahat ng Mga Banal sa Unang Araw ng Nobyembre.

Sa pagsasaayos ng Taon ng Simbahan ayon sa pagnanais ng Ika-2 Konsilyo Vaticano ay inilipat ang Dakilang Kapisthan ni Kristong Hari sa Huling Linggo ng Taon ng Simbahan. Ito ay upang ipahayag ang pananampalataya ng Simbahang sa wakas ng panahon ay maghahari si Kristo sa sanlibutan. Ito ang katotohanang tinitungo ng ating daigdig. Walang magagawa ang lahat ng lakas ng kasamaan dahil sa Muling Pagkabuhay ni Kristo at Pag-akyat niya sa Langit siya ay *"ginawa ng Diyos na Panginoon at Kristo!" (Gawa 2:36)*

Iba ang digmaan sa sagupaan. Maaaring matalo sa ilang sagupaan, ngunit maipapanalo ang digmaan. Nakikipagtunggalian pa rin ang mga alagad ni Kristo sa daigdig na ito – at maaaring matalo ang ilan – subalit ang digmaan ay naipanalo na ni Kristong Hari. Hindi na maaaring mabago ito! Kahit kailan ay hindi mapasusuko si Kristo ng kanyang mga kaaway. Nagapi na niya ang lahat ng lakas ng kasamaan. Naisulat na ang katapusan ng kasaysayan ng sangkatauhan. Ito ay ang maluwalhating paghahari ni Kristo.

Ang hamon sa atin ay kung talagang naghahari si Kristo sa ating mga sarili. May mga iniisip ba tayo at binabalak na taliwas sa iniisip at binabalak ni Kristo? May mga saloobin ba tayong malayo sa saloobin ni Kristo? May bahagi ba ng ating pagkataong hindi talagang pinaghaharian ni Kristo? Sa Dakilang Kapistahang ito ni Kristong Hari ng Sanlibutan ay handa ba tayong isuko ang lahat sa kaniya? Para saan ang mga maringal na pagdiriwang kung hindi naman naghahari si Kristo sa ating mga puso?

Ang dapat ay wala tayong iniisip na hindi ayon sa itinuro ni Kristo. Ang dapat ay wala tayong binabalak na salungat sa mga pakay ni Kristo. Ang nararapat ay wala tayong nararamdamang walang kaugnayan sa mga balak ni Kristo. Dahil sa natamo ni Kristo ang kanyang kaharian sa pamamagitan ng kanyang pagkamatay sa krus, tayo rin ay hindi dapat magatubiling maghirap at magbuwis ng buhay para sa kaniya. Mahirap paglingkuran ang isang Haring nagmahal nang lubos. Sana'y mapukaw ang ating mga puso sa kapistahang ito upang masimulan nating isuko ang ating mga sarili nang unti-unti sa pamamagitan ng pagmamahal sa kaniya.

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Marketing:*** Fr. B. Nolasco and T. Mojica • ***Circulation:*** R. Saldua